

3 RASON

KUNG BAKIT KAILANGAN NATIN NG BOOSTER

1

Ang pagkuha ng COVID-19 booster ay ang pinakamagandang bagay na magagawa mo para protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya laban sa Omicron.



2

Nakakatulong ang booster na bawasan ang pagkakataon ng mas malubhang impeksyon, at mas maliit ang posibilidad na kailangan mong maospital.




3

Kung ang lahat nang maaaring magpa-booster ay gagawin ito, makakatulong ito na pabagalin ang pagkalat ng virus at matiyak na mapapanatiling ligtas ang ating komunidad.



Kung ikaw ay 18 pataas, at 3 buwan na mula noong iyong pangalawang pagbabakuna, maaari ka nang magpa-booster ngayon. Magbook lang sa [BookMyVaccine.nz](https://www.BookMyVaccine.nz) o pumunta sa malapit na vaccination centre o tumawag sa 0800 28 29 26

BAKIT NGA BA MAHALAGA ANG PAGSUSUOT NG FACE MASK?



Kung tama ang pagsusuot, binabawasan nito ang pagkalat ng virus. Ibig sabihin nito hindi lamang mahalaga na suot ito, ngunit dapat din na suot ito nang maayos.

Kailangan din ang paghuhugas ng iyong mga kamay bago ilagay ito at siguraduhing **natatakpan nito ang iyong ilong at bibig** nang husto.



Pinipigilan nila ang pagkalat ng virus ng mga taong walang sintomas. Ang pagsusuot ng face mask ay isang mabuting paraan upang mabawasan ang panganib nang hindi sinasadyang pagkalat ng impeksyon.



Pinoprotektahan mo ang iba mula sa karamdaman. Maraming tao na may COVID-19 ang hindi alam na sila ay nagdadala ng virus. Kung kaya hindi lang ang sarili mo ang iyong pinangangalagaan kundi ang ibang tao rin.



Sa pangkalahatan, ito ay mabuting kasanayan sa kalinisan. Pinoprotektahan din tayo nito mula sa mga droplet o patak, mikrobyo, at karamdaman na dulot nang pagkalat ng mikrobyo nito.

Kung ikaw ay 18 pataas, at 3 buwan na mula noong iyong pangalawang pagbabakuna, maaari ka nang magpa-booster ngayon. Magbook lang sa [BookMyVaccine.nz](https://www.bookmyvaccine.nz) o pumunta sa malapit na vaccination centre o tumawag sa 0800 28 29 26